



PARA SA AGARANG PAGLABAS

Saliksikin ang Brampton sa Bus Tour ng mga Bagong Dating

BRAMPTON, ON (July 27, 2022) – Ang mga residente na lumipat sa Brampton makalipas ang Enero 1, 2019 ay nararapat para sa libreng Bus Tour ng mga Bagong Dating, isa pakikipagtulungan ng Brampton Library at Brampton Transit.

Magaganap ang paglilibot-libot sa Agosto 16 at Agosto 18 mula 10 am to 1 pm. Maaaring magpatala ang mga residente online sa bramptonlibrary.ca o sa pamamagitan ng pagtawag sa 905.793.4636.

Kabilang sa mga highlight ng tour ang City Hall ng Brampton, mga parke, ospital, community center, mga istasyon ng bus at tebm at mga sangay ng library. Kilalanin ang Brapton at sumali sa saya!

Nagbabalik matapos ang dalawang taong pagtigil dahil sa pandemya, ang award-winning tour na ito ay kinilala bilang ang Angus Mowat Award for Excellence sa Public Library Service, sa Public Library Association Upstart Innovation Award at isang award mula sa Canadian Urban Transit Association (CUTA).

Mga Quote

"Excited ang Lungsod ng Brampton na muling makipag-partner sa Brampton Library para magbigay ng Bus Tour sa mga Bagong Dating para sa mga residente na lumipat papunta sa ating komunidad mula 2019. Ang Brampton ay isang Mosaic, at ang ating lungsod ay tahanan ng aisang diverse, multikultural, bata pa at isang mabilis lumalaking populasyon. Ang mga tour na ito ay nagbibigay ng magandang pagkakataon para ipakilala ang mga bagong Bramptonian sa mga handog ng munisipyo para sa kanila na naglilingod para mas mapaganda ang kalidad ng kanilang buhay."

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Ipinagmamalaki natin ang pagbibigay ng tumatanggap, nagsasaling kapaligiran para sa ating mga rider. Ang tour na ito ay isang magansang paraan para makilala ng mga bagong dating an gating magilaw na mga ask, magtanong, at maranasan ang mga benepisyto at ginhawa ng ating ekstensibong public transit network."



- Alex Milojevic, General Manager, Brampton Transit

Media Release

"Napaka-excited natin sa pagbabalik ng bus tour, na nagbibigay ng welcoming na ntroduksyon ng lahat ng mai-aalok ng Brampton para sa ating mga pinakabagong residente. Isa lang ito sa dagdag na paraan na ang Brampton Library ay naghihikayat ng nakakasiglang mga koneksyon!"

- Todd Kyle, Chief Executive Officer, Brampton Library

-30-

Tungkol sa Lungsod ng Brampton

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

Tungkol sa Brampton Library

Para humiram ng mga material, [i-reserve ang mga ito online gamit ang iyong Brampton Library card number at PIN](#). Alamin ang tungkol sa [libreng access sa ating online collections](#), kabilang ang ebooks at e-learning. Tingnan ang [mga oras ng operation](#) at ang kumpletong mga detalye para sa ating walong branch. Mag-register para sa personal at birtwal na mga prgorama para sa lahat ng edad at interes sa pamamagitan [calendar of events](#) at [mag-subscribe sa ating mga email update](#). Sundan kami sa [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#), [YouTube](#), at [LinkedIn](#), at tiyakin na i-download ang Brampton Library mobile app sa iOS at Google Play. [Alamin ang mas marami pa tungkol sa ating app](#). Bisitahin ang ating website para [Imakipag-live chat sa ating staff o Magtanong](#). Mag-register para dumalo sa ating Computer Basics skill building program sa pamamagitan ng pagtawag sa 905-793-4636 o makipag-usap sa aming staff sa isang customer service desk sa alinmang branch. Tingnan ang ating [Family Storytime schedule](#) para makautlong sa inyong malilit na anak sa paghahandang bumasa!

Tungkol sa Brampton Transit

Ang Brampton Transit ay isa sa pinakamabilis na lumalaking transit system sa Canada. Kumbinyente at madaling maakses, ang Brampton Transit ay may [higt sa 65 ruta](#) na kumokonekta sa lungsod at kalapit na mga munisipyo. Maaaring planuhin ng mga rider ang kanilang trip nang maaga sa [Triplinx](#), magsign up para sa [e-newsletter](#) o sundan ang Brampton Transit sa [Twitter](#), [Instagram](#) at [Facebook](#). Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang bramptontransit.com

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca

Brampton Library

idickenson@bramptonlibrary.ca